gikan sa

# SILYAB

an dakulang sulo

Ispesyal na Isyu I | Marso 2019
Taon XLIII | Serye 1 Blg 1

Rebolusyonaryong pangmasang pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas-Bagong Hukbong Bayan sa Rehiyong Bikol

## IBAGSAK ANG PASISTA AT TIRANONG REHIMENG US-DUTERTE! IBAGSAK ANG IMPERYALISMO, PYUDALISMO AT BURUKRUTA KAPITALISMO!

*Ispesyal na Isyu hinggil sa Pasistang Opensiba ng Rehimeng US-Duterte*

Mula nang maupo sa pwesto noong 2016, walang lubay nang naglunsad si Rodrigo Duterte ng mga pasistang opensiba laban sa mamamayan. Iwinawasiwas niya ang marahas na armadong panunupil upang makumpleto ang mga rekisitos para sa isang pasistang diktadurang kahalintulad ng ginawa ng kanyang idolong si Ferdinand Marcos. Tumatalima si Duterte, tulad ng iba pang mga ultra-kanang pinuno sa ibang panig ng daigdig, sa doktrina ng imperyalistang US na maglunsad ng mga digmaan at itaguyod ang pinakamasasahol na pasistang atake upang supilin ang paglaban ng mamamayan na siyang pinakamalaking balakid sa kanilang mga sariling interes.



# 1. PASISMO AT DIGMAAN: KAKAMBAL NG KRISIS NG IMPERYALISMO

Kakambal ng krisis ng nabubulok na sistemang monopolyo kapitalismo ang paglaganap ng pasismo at pagsambulat ng mga digmaan sa buong daigdig. Sa pagtatangkang pigilan ang kanyang pagkabulok at tuluyang pagbagsak, itinataguyod ng imperyalismo ang pasismo at digmaan upang pansamantalang lunasan ang mga saligang kahinaan nito.

Sa kasalukuyang panahon, nangunguna ang imperyalistang US sa pagtataguyod ng pasismo upang pahupain ang lahat ng banta sa kanyang paghahari at kontrol sa ekonomya at pulitika ng daigdig. Matapos ang dalawang digmaang pandaigdig at ang Cold War noong 1948-1992, ipinagpatuloy ng imperyalistang US ang pagsuporta sa mga ultra-nasyunalista, ultra-kanang populista at militaristang pinunong ilinuluklok kapwa sa mga makapangyarihang kapitalistang bansa at sa mga malakolonya nito. Ilan sa mga pasistang diktador na sinuportahan ng US ay sina Ngo Dinh Diem ng Vietnam, Suharto Raden ng Indonesia, Jorge Rafael Videla ng Argentina, Augusto Pinochet ng Chile, Park Chung Hee ng Timog Korea, Castello Branco, Costa e Silva, Emilio Garrastazu Medici at Ernesto Geisel ng Brazil, Fulgencio Batista ng Cuba at Anastacio Somoza ng Nicaragua. Sa kasalukuyan, pinamumunuan mismo ang US ng isang ultra-kanang pangulo – si Donald Trump at paglakas ng iba ultra-reaksyunaryong partido at grupo sa UK, Germany, France at kalakhan mga bansa sa Europa. Buong-lugod ding sinusuportahan ng US ang pagkakaluklok sa mga militaristang sina Jair Bolsanaro sa Brazil, Aung San Suu Kyi sa Myanmar, Shinzo Abe sa Japan at Rodrigo Duterte sa Pilipinas.

Ibayo ring tumitindi ang digmang agresyon at proxy wars na pinangungunahan ng US at Rusya. Ibinunga nito ang pagkawasak ng mga bansa, laluna sa Gitnang Silangan. Labis na pinapaigting ang produksyong pandigma, paghahasik ng terorismo ng estado at militarisasyon ng pulis at pinalalaki ang bilang ng mga tropang US sa ibayong dagat.

Sa mga bansang bumunsod ang paglaban ng mamamayan, lalo ring pinatindi ng mga imperyalista ang pang-uudyok ng pasismo at karahasan. Itinuturing nilang pinakamalaking banta sa kanilang pag-iral ang pagbabalikwas ng lahat ng mamamayan sa buong daigdig na siyang pumapasan sa krisis at kabulukan ng monopolyo kapitalismo.

Sa loob ng mga kapitalista at imperyalistang bansa, tumitindi ang pagsasamantala sa mga manggagawa. Dinaranas nila ang pasanin ng pagkaltas ng mga panlipunang serbisyo, malawakang disempleyo, pagbaba ng sahod at diskriminasyon. Dahil dito, sunud-sunod ang mga pag-aalsa ng mamamayan maging sa pinakamauunlad na bansa sa mga nagdaang taon. Ilang halimbawa ang Occupy Movement sa Wall Street at ang Yellow Vests Movement sa France.

Sa mga malakolonyang bansa naman, patuloy na idinidikta ng mga nangungunang imperyalistang bansa ang neoliberal na kaayusan. Sa pamamagitan ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon, patuloy na ipinagkakait sa mga malakolonya ang pagtatayo ng mga saligang industriya at pagpapaunlad ng agrikultura. Ibinunga nito ang ibayong paglala ng kahirapan, malaganap na pagdambong sa likas-yaman at pagwasak ng kalikasan para sa kapakinabangan ng dayuhang interes at kapital.

Noong Oktubre 17, 2018, aabot sa isang milyong Haitians ang lumahok sa malawakang kilos-protesta upang patalsikin ang papet na rehimen ng US sa kanilang bansa matapos malantad sa publiko ang korupsyon nito sa pondong Petrocaribe na nakalaan dapat sa pagpapaunlad ng Haiti.

Kasabay ng mga kontradiksyong ito, tumitindi ang hidwaan sa pagitan ng mga imperyalistang bansang US, Tsina at Rusya para sa pang-ekonomya, militar at pampulitikang paghahari. Sumisidhi ang kanilang tunggalian para sa isang panibagong pandaigdigang kaayusang multipolar sa harap ng mabilis at estratehikong paghina ng dominasyon ng US.

Sa kasalukuyan, tumitindi ang gera sa kalakalan sa pagitan ng mga kapitalistang kapangyarihan tulad ng US at Tsina. Tinitiyak nila ang proteksyon ng kanilang mga lokal na ekonomya habang agresibong pinanghihimasukan at kinokontrol ang ekonomya ng kanilang mga kaalyado at malakolonya. Kasabay nito ang pagpapalakas ng kanilang kapasidad sa larangang militar bilang paghahanda sa mga armadong komprontasyon o higit na mapangwasak na digmaan sa hinaharap.

## MGA TAMPOK NA KASO NG PANGHIHIMASOK-MILITAR NG US LABAN SA MGA KILUSANG PAGPAPALAYA AT PAKIKIBAKA NG MAMAMAYAN

- Pilipinas
- Byetnam
- Korea
- Laos
- Cambodia
- Cuba
- Egypt
- Honduras
- Nepal
- Palestine
- Germany
- Venezuela
- Mga bansa sa ilalim ng dating Unyong Sobyet

## 2. PAGTATAYO NG PASISTANG DIKTADURA NG REHIMENG US-DUTERTE: DISENYO NG IMPERYALISMO

Sa Pilipinas, itinutulak ng imperyalistang US ang pagtatayo ng pasista at teroristang diktadura upang lubusang ipatupad ang mga neoliberal na programa at patakaran at wakasan ang rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanang Pilipino. Nakaayon sa balangkas na ito ang pagkaluklok kay Duterte bilang pangulo at pangunahing papet ng US at ng lokal na naghaharing-uri.

Upang makaupo sa pwesto, mapanlinlang na ginamit ni Duterte ang paghahangad ng panlipunang pagbabago at rebolusyonaryong sentimyento ng masa. Nagpostura siyang maka-Kaliwa at sosyalista. Subalit mabilis niyang hinubad ang progresibong maskara at tumindig bilang sagadsaring reaksyunaryo, pasista at tirano. Sa halip na tugunan ang mga sosyo-ekonomiko at demokratikong kahingian ng mamamayan, pinakakawalan ng rehimeng US-Duterte ang pinakamababangis na atake laban sa masang anakpawis at rebolusyonaryong kilusan habang buong kataksilan nagtiklop-tuhod sa pangangamkam ng China sa West Philippines Sea at pagpaubaya ng mga lupaing agrikultural at yamang mineral sa dayuhang kapital.

Ibayong pinatindi ni Duterte ang mapanupil na katangian ng estado gamit ang pasista at teroristang makinarya nito. Tumaas ng 35% ang pondong ilinaan para sa militar habang naitala rin ang pinakamalaking pondo para sa paniktik na walang awdit. Sa loob ng tatlong taon, mahigit P80 bilyon kabang bayan ang nagastos para sa pagpapalakas ng AFP-PNP-CAFGU at mga paramilitar na grupo. Nahigitan nito ang P60 bilyon pinagsama-samang pondo para sa militar ng lahat ng mga nagdaang rehimen.

Samantala, pinalakas ang mapanghimasok na hakbangin ng US sa pamamagitan ng pagpopondo sa mabilisang pagpapalaki ng AFP at pagdaradag ng upisyal at tropang militar na US na direktang tutuwang at magsasanay sa lokal na militar at pulis. Manggagaling sa imperyalistang US ang P300 bilyong pondo para sa programang modernisasyon ng AFP. Gayundin, liban sa higit 200 ahenteng militar ng US na permanenteng nakadeploy sa Pilipinas at direktang lumalahok at nangunguna sa mga operasyong militar sa bansa, Binalik ng rehimeng US-Duterte ang operasyon ng mga tropang Amerikano sa bansa sa ilalim ng Operation Pacific Eagle – Philippines (OPE-P), ang kasalukuyang kontra-insurhensyang operasyon ng US.

Pangunahing layunin ng OPE-P na durugin ang rebolusyonaryong kilusan at ang armadong pakikibaka ng mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng aktwal at higit na masaklaw na partisipasyon ng mga tropang Amerikano sa mga operasyong kontra-insurhensya ng AFP-PNP at pagbuhos ng pondo at armas para rito. Kabilang dito ang planong paglulunsad ng 281 security operations ng AFP kasama ang mga tropang Amerikano sa taong 2019.

## HALIMBAWA NG MALAWAKANG PINSALA NG IMPERYALISTANG DIGMAAN

**UNANG DIGMAANG PANDAIGDIG**
*(1914-1918)*

Namatay: 10 milyon
Gastos-Militar: $200 bilyon

**IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG**
*(1939-1945)*

Nasangkot: 61 bansa o 80% ng populasyon ng buong mundo
Namatay: 60 milyon | Gastos-Militar: $1 trilyon
Pinsala: Unyong Sobyet - 1,710 syudad at 7,000 bayan; 13.6 milyon ang namatay
Germany - 2 milyong gusali na tinitirhan ng 7 milyong tao; 4 milyon ang namatay

**IBA PANG GERANG AGRESYON AT PANGHIHIMASOK-MILITAR NG US**
*(1945-1990)*

Korean War: 5 milyong Korean ang pinaslang
Vietnam War: 7 milyong Vietnamese ang pinaslang
Masaker sa Indonesia: 3 milyong Indones at 2 milyong iba pa ang pinaslang

# 3. GERA KONTRA-MAMAMAYAN: PAGHAHANDA PARA SA PAMBANSANG BATAS MILITAR AT GANAP NA PASISTANG DIKTADURA

Tulad ng sa iba pa niyang malakolonya, idinisenyo ng US ang gera kontra-mamamayan ng papet niyang si Duterte upang maitindig ang pasistang diktadura sa termino nito at maisakatuparan ang matagal na niyang hinahangad na pagtatanggal ng lahat ng mga proteksyon sa lokal na ekonomya at walang sagkang panghihimasok sa larangan ng pulitika, militar at kultura. Masugid itong sinusunod ni Duterte dahil nagsisilbi ito sa kanyang pagnanais na makontrol nang lubos ang pampulitikang kapangyarihan, magkamal ng limpak na yaman mula sa rekurso ng taumbayan at mga operasyong iligal tulad ng droga.

Sa suporta ng tuwiran at di-tuwirang panghihimasok ng pwersang militar ng US, ilinulunsad ng rehimen ang total war sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, Oplan Tokhang at Batas Militar sa Mindanao at ipinataw ang mga pasistang patakaran at hakbangin tulad ng MO 32 at EO 70. Layunin nitong supilin ang paglaban ng mamamayan at durugin ang rebolusyonaryong kilusan na siyang namumuno sa tumitinding pakikibaka ng sambayanan laban sa kanyang pasistang paghahari at neoliberal na pandarambong. Nagsisilbi ang mga pakanang ito sa paghahanda sa malawakang pandaraya sa eleksyong 2019, sa pormal na deklarasyon ng batas militar sa buong bansa at pagtutulak ng Charter Change (Cha-Cha) at bogus na pederalismo.

Kasabay nito, kinabig ni Duterte ang mga pinakasagadsaring reaksyunaryo. Lantad sa publiko ang pagmaniobra upang maibalik sa poder sina Gloria Arroyo at ang mga Marcos upang makonsolida ang isang pasista at anti-demokratikong alyansa. Tiniyak niya ang kontrol sa Senado, Kongreso, Korte Suprema at isa-isang tinutugis ang mga kalaban sa pulitika. Sa tabing ng kampanyang anti-droga laban sa mga ‘user' at ‘pusher', kinubabawan ng narco-pulitikong paksyon ni Duterte ang malalaking sindikato sa droga at higit pinalalawak ang operasyon nito sa bansa gamit ang sibiliyang burukrasya at militar.

## A. Oplan Kapayapaan

Ang Oplan Kapayapaan ang kontra-insurhensyang programa ng rehimeng US-Duterte sa ilalim ng National Security Policy 2017-2022. Nakabalangkas ito sa Counterinsurgency (COIN) Guide 2009 ng US na naglalayong bigyan ng bagong bihis ang imperyalistang interbensyon upang higit itong mapalawak at maging epektibo. Ipinapakete ang mga kampanyang kontra-insurhensya bilang bilang panlipunang laban at palabasing nagtatamasa ng suporta ng mamamayan upang ihiwalay ang rebolusyonaryo at progresibong pwersa. Ito ang tinatawag na whole-of-society-approach (WoSA) ng COIN Guide 2009.

Ilinalako naman ng Oplan Kapayapaan ang sariling bersyon ng estratehiyang WoSA bilang whole-of-nation-approach (WoNA) kung saan palalakasin at palalawakin umano ang papel ng people-centered “non-combat” military operations tulad ng mga operasyong sibil-militar (CMO) at mga aktibidad na “pangkaunlaran”.

Walang itong pagkakaiba sa mga nagdaang kontra-insurhensyang oplan na may balat-kayong pagpihit mula sa mararahas na operasyong kombat (clear-hold-consolidate-develop) tungo sa paghikayat ng partisipasyon ng mamamayan sa mga programang sosyo-ekonomiko (good governance).

Subalit sa maagang bahagi pa lamang ng pagpapatupad nito ay kagyat na nalusaw ang ilusyong ilinalako. Tulad ng iba pang oplan, tumatalima ang Oplan Kapayapaan sa pormula ng malawakang operasyong saywar kakambal ng marahas na armadong panunupil at war of rapid conclusion. Nakatuon ito sa operasyong triad o ang sabayang paglulunsad ng operasyong kombat, paniktik

**OPERATION PACIFIC EAGLE-PHILIPPINES (OPEP)**

PINAKABAGONG ‘PINANGALANGANG OPERASYON' NG US SA BANSA BILANG BAHAGI NG ‘OVERSEAS CONTIGENCY OPERATIONS' O DATING PANDAIGDIGANG GERA KONTRA-TERORISMO NITO

PORMAL ITONG NAGSIMULA NOONG SETYEMBRE 1, 2017 AT PUMALIT SA OPERATION ENDURING FREEDOM-PHILIPPINES.

Imbweltong Sundalo ng US:

**200–300** permanenteng nakabase sa Pilipinas bilang ‘tagapayo'

Gastos (Enero-Hunyo 2018):

**$32.4 milyon** (Katumbas ng P1.8 bilyon)

Badyet ngayong 2019:

**$108.2 milyon** (Katumbas ng P6 bilyon)

at sibil-militar. Ginagamit ang mga operasyong sibil-militar upang palakasin ang operasyong paniktik at paigtingin ang operasyong kombat.

Sa pinakamabilis na panahon, linalayon ng Oplan Kapayapaan na wasakin ang base at suportang masa ng BHB, itulak ito sa mga gasgasang labanan, lansagin ang mga larangang gerilya at hikayatin ang ibayong pagpapasuko sa mga pulang mandirigma. Sinisikap nitong ibalik ang timbangan na 'isa-laban-sa-sampu' na tinataya ng AFP na makapagbibigay sa kanila ng superyor na pwersang pinakaepektibo sa madaliang pagdurog sa rebolusyonaryong kilusan.

Bilang bahagi ng pagpapalakas ng AFP, nagdagdag ng 10 batalyong infantry at binuo noong Disyembre 2018 ang 1st Brigade Combat Team na may dalawang panagupang batalyon at isang mechanized battalion para sa pangmaniobrang pwersa, mga engineer combat at field artillery battalions, signal at intelligence battalion bilang suportang pwersa at medical and service support bilang sustainment units. Malaking bahagi ng badyet muli ang makakaltas para sa mga batayang serbisyong panlipunan upang tustusan ang paglaki ng mapaminsalang pwersang AFP.

Pinaiigting ng Oplan Kapayapaan ang taktika ng malawakang okupasyon at pagdumog ng militar sa kanayunan. Walang pakundangang binobomba at winawasak ang mga komunidad at kinakamkam ang lupain ng magsasaka upang bigyang-daan ang mga dambuhalang dayuhan at lokal na negosyo. Mula Hulyo 2016 hanggang Marso 2018, 141 ang naitalang kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang, 1,265 kaso ng iligal na pag-aresto at 356,304 kaso ng pambobomba sa buong bansa. Sa Kabikulan, naitala ang 300 kaso ng paglabag sa karapatang-tao. Samantala, lima ang masaker na naitala sa rehiyon – pinakamataas sa buong bansa.

Sa lahat ng prubinsya ng rehiyon, pinsala sa buhay at kabuhayan ng masa ang talamak na pagpapatuloy ng militarisasyon sa mga komunidad. Kabilang sa mga aktibidad na isinasagawa ng 9th IDPA ang iligal at pwersahang pagcensus at interogasyon sa masa, pagdikta at pagsubaybay sa araw-araw na gawain ng mga taumbaryo at buu-buong okupasyon ng mga sityo at baryo. Pwersahang pinasuko at pinagkunwaring kasapi ng BHB ang mga sibilyan. Walang-habas din ang pagdukot, pagdakip at pagpatay sa masa. Pinalalabas ng militar na kasapi ng BHB ang kanilang pinaslang at ang mga biktima ay napatay umano sa gitna ng mga labanan.

Noong Pebrero lamang, pumutok sa balita ang pagdukot ng pwersa ng 9th IBPA sa limang magsasakang residente ng Brgy. Baya at Brgy. Patalunan sa bayan ng Ragay, Camarines Sur. Ayon mismo sa mga biktima, pilit silang pinaaamin na mga kasapi ng NPA at pilit pinagdadala ng mga baril. Pinaghukay din sila ng lugar kung saan umano sila ililibing nang buhay ng mga militar. Ilang buwan pa lamang ang lumipas mula naman nang dakipin, tortyurin at ilibing nang buhay ng mga militar sina Roberto Naris, 30 taong gulang, Ronel Naris, 28 taong gulang at Antonio Bonagua, 19 taong gulang, sa parehong bayan.

Pinatindi rin ang panlilinlang sa mamamayan at paninira sa rebolusyonaryong kilusan at pinalawak ang partisipasyon ng mga sibilyang ahensya at organisasyon para sa kontra-rebolusyonaryong digma upang mahulma ang entablado para sa marahas na pang-aatake ng militar.

Bahagi nito ang terrorist tagging o ang pagbansag sa mga ligal at demokratikong organisasyon at sa rebolusyonaryong kilusan bilang mga terorista at ang crackdown o tuwirang pagtugis sa mga progresibo at pinaghihinalaang rebolusyonaryong elemento. Matapos ang unilateral na deklarasyon ni Duterte na tapusin ang usapang pangkapayapaan sa bisa ng Proclamation 360 noong Nobyembre 2017, kagyat niyang ilinabas ang Proclamation 374 na nagdeklara sa CPP-NPA-NDFP at sa mga kaalyado nitong organisasyon bilang mga terorista.


Upang mabigyan ng ligalidad ang P374, agad itong sinuhayan ng Proscription Petition noong Pebrero 2018

**INISYAL NA TALAAN NG MGA PAGLABAG SA KARAPATANG-TAO***
**SA ILALIM NG REHIMENG US-DUTERTE**
**HULYO 2016 - DISYEMBRE 2018**

*Liban pa sa mahigit

**27,000**

biktima ng EJK sa ilalim ng Oplan Tokhang



| | |
|---|---|
| Pampulitikang Pamamaslang | 222 |
| Tangkang Pamamaslang | 381 |
| Pagdukot | 8 |
| Tortyur | 111 |
| Iligal na Pag-aresto | 2,171 |
| Iligal na Pag-aresto at Pagdetine | 513 |
| Iligal na Paghahalughog | 321 |
| Pananakit | 246 |
| Demolisyon | 6,114 |
| Iligal na Pagpasok sa Loob ng Bahay | 660 |
| Paninira ng Ari-arian | 6,061 |
| Pagnanakaw ng Ari-arian | 816 |
| Pwersahang Pagpapalikas | 447,963 |
| Pananakot | 85,236 |
| Walang-habas na Pamamaril | 8,340 |
| Pambubomba | 368,391 |
| Sapilitang Paggawa | 25 |
| Paggamit sa mga Sibilyan sa mga Operasyon ng Pulis at Militar bilang Giya at/o Pananggalang | 121 |
| Okupasyon ng mga Sibilyang Pasilidad | 42,720 |
| Restriksyon o Marahas na Dispersal ng mga Aksyong Masa, Pampublikong Asembliya at Pagtitipon | 3,194 |

## MGA PAGLABAG SA KARAPATANG-TAO SA BIKOL SA ILALIM NG REHIMENG US-DUTERTE

### HULYO 2016 - SETYEMBRE 2018

# KASO: 668

# BIKTIMA: 20,513

## PAMPULITIKANG PAMAMASLANG*: 80

### BATA: 3 | SENIOR CITIZEN: 5 | BABAE: 9

*HANGGANG MARSO 2019

na nagkaso sa lampas 600 indibidwal bilang mga terorista. Kasabay sa listahan ang pangalan ng mga kilalang tagapagtanggol ng karapatang-tao, upisyal ng United Nations at lider-masa ng progresibong organisasyon. Ginamit na ligal na batayan ng naturang petisyon ang mapanupil na Human Security Act of 2007.

Bunga nito, ibayong naging agresibo ang pagtarget ng militar at mga ahente nito sa mga kasapi at lider ng mga progresibong organisasyon. Lampas 100 lider-magsasaka ang pinaslang, 661 kaso ng pekeng surrenderee at 54,799 kaso ng pananakot sa mga progresibong lider at kasapi ang naitala mula 2016 hanggang Marso 2018. Sunud-sunod din ang kaso ng mga iligal na pag-aresto at ekstrahudisyal na pagpaslang sa mga abogado at tagapagtanggol ng karapatang-tao.

Noong Mayo 2017, iligal na dinakip sina Rommel Salinas, NDFP peace consultant, Bishop Carlo Morales ng Iglesia Filipina Independiente at dalawang iba pa sa bayan ng Ozamiz. Noong Enero 2018, hinuli naman si Rafael Baylosis, isa ring NDFP peace consultant, at kasama niyang si Guillermo Roque sa Quezon City. Pinaslang naman ang NDFP consultant na si Alfredo 'Ka Bendoy' Merilos at sibilyang Liz Ocampo noong Marso 2018 sa Camarines Sur. Bago matapos ang taong 2018, tatlong NDFP consultants pa (Vicente Ladlad, Adelberto Silva at Rey Casambre) at pitong sibilyang kasama nila ang iligal ding inaresto. Pagpasok ng taong 2019, pinaslang naman ng mga elemento ng militar si Felix Randy Malayao, isa ring peace consultant, sa Aritao, Nueva Vizcaya habang lulan ng isang pampasaherong bus.

Isa rin sa mga estratehikong layunin ng Oplan Kapayapaan ang madulas na pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran ng rehimen tulad ng pagtitiyak ng seguridad sa mga itatayong imprastruktura sa ilalim ng programang Build, Build, Build (BBB). Ikinukonsentra ang mga Peace and Development Teams (PDT) at mga yunit pangkombat sa mga bayang sasaklawin ng mga proyekto.

Sa Kabikulan, pinopokusan ng militar ang pagsupil sa paglaban ng masang Bikolano upang mapadali ang pagpasok ng mga malalaking negosyo at proyekto sa rehiyon, kagaya ng Bicol International Airport, PNR South Haul, Masbate International Tourism Enterprise and Special Economic Zone, mga dayuhang pagmimina at mga sentrong komersyo't industriyal. Pinasasahol ang paglabag sa karapatang-tao at mga krimen laban sa mamamayan nang sa gayon ay maagaw ang kanilang mga lupang sakahan at maipailalim ito sa pagpapalit-gamit sang-ayon sa interes ng mga dayuhang mamumuhunan.

Kagyat na pinokusan ng mga PDT ng 9th IDPA ang mga bayang saklaw ng pagtatayo ng Quezon-Bicol Expressway (QBX) tulad ng Del Gallego, Ragay, Lupi, Sipocot at Libmanan. Sa proyektong QBX, lalagyan ng toll gates ang Andaya (dating Quirino) highway. Sasagasaan ng proyektong ito at ng Philippine National Railroads (PNR)-South Road ang paninirahan ng libu-libong Bikolano hanggang Sorsogon.

Bilang bahagi ng masinsing pagpapatupad ng Oplan Kapayapaan, ibinalangkas ng rehimeng US-Duterte at ng AFP ang National Internal Security Plan 2018 (NISP 2018) na pinangalanang National Security Strategy (NSS). Nilalaman ng NISP 2018 ang pagbubuo at pagpapatupad ng mga anti-mamamayan at militaristang atas tulad ng Memorandum Order No. 32 (MO 32) at Executive Order No. 70 (EO 70) upang wakasan ang rebolusyonaryong kilusan sa katapusan ng 2019 (dating itinakda na 2018) na muling pinalawig ni Lorenzana sa 2020.

Ang MO 32 ay ang pagpairal ng de facto batas militar sa nalalabing mayor na isla ng bansa, ang Luzon at Visayas, na mayroong partikular na prayoridad sa mga rehiyon ng Kabikulan at mga prubinsya ng Samar at Negros. Susog ito sa Memorandum Order No. 3 na nagbibigay-ligalidad sa militar at pulis na maglunsad ng mga operasyon laban sa umano ay lawless violence at pigilan ang paglaganap nito sa iba pang bahagi ng bansa at kaakibat na Proclamation No. 216 na nagpataw ng batas militar sa Mindanao. Sa pamamagitan ng mga atas na ito, pinaiiral ng rehimeng US-Duterte ang isang de-facto batas militar sa buong bansa. Ang MO 32, MO 3 at Proclamation 216 ay pawang nag-uugat sa Proclamation No. 55 na nagsasailalim sa Mindanao sa state of national emergency at nagbibigay ng dagdag na mga batayang ligal at kapangyarihan sa militar at pulis na labanan ang lawless violence.

Sa bisa ng MO 32, dinagdagan at pinatindi ang konsentrasyon ng pwersang militar at pulis sa Bikol, Samar at Negros. Pinalakas ang unified command ng mga yunit ng AFP, PNP, Philippine Navy (PN), Philippine Air Force (PAF) at Citizen Armed Forces and Geographical Units (CAFGU) sa ilalim ng mga Joint Task Force. Pinatindi at pinalalim ang operasyon ng mga mapanlinlang na PDT ng militar.

Sa Kabikulan, ipinakat sa rehiyon ang 96th IBPA, isa sa mga bagong buong batalyon ng rehimen. Binuo rin ang Joint Task Force Bicolandia sa pamumuno ng 9th IDPA katuwang ang PNP Region 5 at CAFGU sa land component,

## TIMELINE NG MGA PASISTANG BATAS AT PROKLAMASAYON SA ILALIM NG REHIMENG US-DUTERTE

- Setyembre 4, 2016 **Proclamation 55** — *Pagdeklara ng state of national emergency dahil sa lawless violence sa Mindanao*
- Setyembre 7, 2016 **MO 3** — *Pagtatakda ng mga patnubay para sa pagsugpo ng AFP-PNP sa lawless violence*
- Enero 1, 2017 **Oplan Kapayapaan** — *Kontra-insurhensyang plano ng AFP*
- Abril 2017 **National Security Policy (NSP) 2017-2022 at EO 16** — *Pagbubuo ng pangkalahatang kontra-rebolusyonaryong patakaran ng estado*
- Nobyembre 23, 2017 **Proclamation 360** — *Pagwawakas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GPH at NDF*
- Disyembre 5, 2017 **Proclamation 374** — *Pagdeklara sa PKP-BHB bilang mga teroristang grupo*
- Pebrero 2018 **Proscription Petition** — *Paglilista sa mahigit 600 indibidwal bilang mga terorista*
- Abril 2018 **National Security Strategy (NSS)** — *Pagbubuo ng mga partikular na hakbang ayon sa NSP 2017-2022*
- Mayo 23, 2018 **Proclamation 216** — *Pagdedeklara ng Batas Militar sa Mindanao*
- Nobyembre 22, 2018 **MO 32** — *Pagdagdag ng mga pwersa ng AFP at PNP sa Bikol, Samar at Negros*
- December 4, 2018 **EO 69** — *Pagdagdag sa sahod ng mga elemento ng CAFGU*
- December 4, 2018 **EO 70** — *Pagbubuo sa National Task Force to End Local Communist Insurgency (NTFELCI)*

Naval Task Force 31 (NTF 31) ng PN bilang naval component at Tactical Operations Group 5 (TOG 5) ng PAF bilang air component. Ang JTFB ang makinarya para sa higit na malawakang kampanyang militar. Nakatakda ring ibalik ang 42nd at 49th IBPA na kasalukuyang nakadeploy sa Mindanao upang mapalakas pa ang pwersang pang-kombat ng 9th IDPA. Noong Nobyembre 2018, sinimulan na rin ang pagdeploy ng dagdag na pwersa mula sa PNP-Special Action Force (SAF).

Sa ilalim ng MO 32, higit na malaganap ang mga pagsita, pagkapkap, paghalughog at pagkumpiska, mga tsekpoynt, pagsampa ng gawa-gawang kaso at iligal na pag-aresto sa sinumang paghihinalaang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan.

Nangangahulugan din ang MO 32 ng higit na masinsin at sustenidong operasyong militar, kabilang ang mga operasyong paniktik at pagsangkot ng mga sibilyang institusyon katulad ng LGU at midya sa kampanyang kontra-insurhensya ng rehimen. Sa una at pangalawang Distrito ng Camarines Sur, ipinatawag ng pinagkumbinang pwersa ng 96th IBPA, 9th IBPA at PNP ang lahat ng upisyal ng barangay at pati mga upisyal ng DepEd upang papirmahin sa mga Memorandum of Understanding (MOU) na magbibigay-daan sa walang habas na militarisasyon.

Ang Executive Order No.70 (EO 70) naman ang kumukumpleto sa estratehiyang WoNA ng Oplan Kapayapaan na may magkatambal na elemento ng marahas na armadong panunupil at malawakang operasyong saywar. Ilinatag ng EO 70 ang mga makinarya sa pamamagitan ng pagbubuo ng isang National Task Force at National Peace Framework upang ibayong gawing epektibo ang WoNA at tiyaking hindi mabibigo ang Oplan Kapayapaan tulad ng pumalyang kontra-insurhensyang programang Oplan Bayanihan ni BS Aquino na gumamit ng parehas na estratehiyang militar. Inobliga ng EO 70 ang paglahok ng buong sibilyang populasyon sa pangkabuuhang tulak ng Oplan Kapayapaan.

Sa pamamagitan ng National Task Force to End Communist Insurgency (NTFECI) naging higit na masaklaw ang awtoridad at kontrol ang militar sa panghihimasok sa lahat ng sibilyang ahensya ng burukrasya at institusyon, partikular sa mga lokal na yunit ng gubyerno. Lahat ng mga programa, patakaran, prayoridad, pondo at mga rekurso ng iba't ibang ahensya ng reaksyunaryong gubyerno ay ituturing na bahagi ng kanilang malawakang operasyong militar.

Pinahigpit din ang direktang kontrol at pangangasiwa ng militar ang mga civil-military operations (CMO), information operations, inter-agency coordination, stakeholders' engagement at community support programs katulad ng pagpatupad ng Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA) at Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP). Pinanghimasukan ng militar maging ang mga karaniwang sibilyang aktibidad at serbisyong pampubliko sa komunidad mula sa pamimigay ng 4Ps, medical at relief missions, mga proyektong agrikultural katulad ng irigasyon at aktwal na gawaing produksyon ng masa hanggang sa pagpapel bilang lupong tagapamayapa sa mga barangay.

Pinagtibay din ang pagbuo ng isang National Peace Framework (NPF) na nagtutulak ng kampanyang pagpapasurender sa hanay ng mga Pulang mandirigma sa pamamagitan ng mga lokalisadong usapang pangkapayapaan.

## B. Oplan Tokhang

Ang Oplan Tokhang ang kampanya kontra-droga ng rehimeng US-Duterte. Nakadisenyo rin ito alinsunod sa doktrina ng kontra-insurhensya ng imperyalistang US bilang taktikang "shock and awe". Extrajudicial killings (EJK) ang malupit na pamamaraan ng Oplan Tokhang. Sa disenyong ito, ilinunsad ang pinakamasahol at pinakamarahas na panunupil sa tabing ng mga usapin tulad ng 'kontra-droga, kontra-terorismo, pagtatanggol sa demokrasya, paglutas sa kahirapan ng mamamayan at matagalang kaunlarang pang-ekonomya' upang mailusot ang mga imperyalistang disenyo ng pandarambong sa pangunguna ng IMF-WB at paghigpit ng sakal sa malakolonyang bansa. Inatasan din ni Duterte ang AFP na lumahok sa naturang gera kontra-droga. Ipinag-utos niya sa AFP na paslangin ang sinumang pinaghihinalaang sibilyang may kaugnayan sa droga.

Idinulot nito ang walang habas na pagtugis sa rebolusyonaryong kilusan at sa hayag at demokratikong kilusang masa sa tabing ng gera kontra-droga. Sa loob ng tatlong taon, pumalo na sa higit 27,000 indibidwal ang napaslang sa madugong gera-kontra droga ni Duterte. Kalakhan ng mga biktima ng pagpatay sa ilalim ng Oplan Tokhang ay mula sa pinakamahihirap na komunidad ng bansa habang walang malalaking druglord na nahuli at naparusahan. Pagkapalit ni NCRPO Chief Director Albayalde kay dela Rosa bilang PNP Chief, sinikap pabanguhin ang Oplan Tokhang sa higit berdugong pangalan na Oplan Double-barrel. Marami ring kaso ng pamamaslang na naitala sa mga kamag-anak ng mga progresibo at rebolusyonaryo na pinalabas na dahil sa usapin ng droga. Sa Kabikulan, naitala ang mga kaso ng pag-census ng AFP alinsunod sa Oplan Tokhang ngunit nauwi sa paghahanap ng mga inaakusahang myembro o taga-suporta ng BHB.

Nagsisilbi rin ang Oplan Tokhang sa sariling interes ni Duterte na tiyakin ang kontrol sa operasyon ng droga sa buong bansa. Tinarget ni Duterte ang mga kakumpetensya sa kalakalan ng droga habang pinananatili ang organisadong ismagling at distribusyon nito sa pamamagitan ng kanyang mga kamag-anak tulad ng anak na si Paolo Duterte at manugang na si Mans Carpio. Binigyang-daan ni Duterte ang pagkaabswelto ng ilang piling drug lord na malapit sa kanya tulad nina Peter Lim, Kerwin Espinosa, Peter Co at Diana Yu Uy, anak ng akusadong "drug queen" na si Yu Yuk Lai at marami pang iba.

Itinalaga niya ang mga dating upisyal ng AFP sa Bureau of Customs (BOC) bilang mga tapat at masusugid na alipures. Sa ilalim nina Isidro Lapena at Nicanor Faeldon, mga dating upisyal-militar na naitalagang BOC Commissioner, nasaksihan ng mamamayan ang isa sa pinakamalalaking pagpuslit ng tone-toneladang shabu sa bansa na nagkakahalaga ng lampas P21 bilyon.

## C. Batas Militar at Gera Kontra Moro

Noong Mayo 23, 2017, idineklara ni Duterte ang batas militar sa Mindanao sa bisa ng Proclamation No. 216 bilang tugon umano sa pag-atake ng isang armadong grupo sa bayan ng Marawi. Ang naturang grupo ay mula sa Dawlah Islamiya na kilala rin sa tawag na Maute group. Ang Maute ay pinupondohan umano ng grupong Abu Sayaff na pinamumunuan ni Isnilon Hapilon, ang pinuno umano ng Islamic State of Iraq and Syria (ISIS) sa Timog-Silangang Asya.

Ang Abu Sayaff at ISIS ay mga teroristang grupo na binuo at pinundohan ng US Military upang maghasik ng terorismong kaguluhan sa Middle East kapag hindi magtagumpay ang mapanghimasok na taktikang pagpalit ng rehimeng pabor sa US. Ang mga teroristang atake rin ang ginagawang batayan ng US para sa direktang agresyong militar at digmang mapanakop. Ang pagdedeklara ng Batas Militar ay ayon sa tulak ng imperyalistang US na ibayong ipaloob ang Pilipinas sa kanyang entablado ng digmang agresyon sa tabing ng gera kontra-terorismo at higit na pagkontrol sa pwersang militar ng Pilipinas.

Sa bisa ng batas militar, ikinonsentra ni Duterte ang kanyang armadong lakas sa Mindanao. Umabot sa 78 panagupang batalyon o 40,000 sundalo ang ipinakat sa rehiyon. Itinayo ang 17,494 tsekpoynt habang ipinatupad ang curfew sa 129 bayan sa Mindanao. Walang pakundangang nagsagawa ang militar ng pambubomba at aerial bombardments sa mga eryang tinataya nitong pinagpupugaran ng mga rebelde kabilang na ang mga komunidad, eskwelahan at mosque. Libu-libong sibilyan ang napaslang habang umabot sa 400,000 indibidwal ang sapilitang pinalikas mula sa kanilang mga komunidad at 65,000 residente ang saklaw ng 'ground zero' sa Marawi City. Inamin mismo ni Duterte ang direktang paglahok ng pwersang US sa



buong operasyon mula sa paggamit ng drone para sa surbeylans at pagbomba gamit ang mga eroplano, tangke at artilerya.

Sa labas ng Marawi, ipinagpatuloy ng AFP ang pambubomba sa mga erya ng Lumad at Moro sa mga prubinsya ng North Cotabato, South Cotabato, Bukidnon, Compostela Valley, Maguindanao, Sultan Kudarat at Agusan del Sur. Kasabay nito, ipinag-utos ni Duterte na bombahin ang mga eskwelahang Lumad na binansagan niyang pinagkukunan at sanayan ng reklutang minorya ng BHB.

Sa kabila ng patung-patong na abusong militar at paglabag sa karapatang-taong naitala sa panahon ng Batas Militar, dalawang beses pa ring inaprubahan ng kamara ang pagpapalawig nito. Unang inaprubahan ang apat na buwang ekstensyon ng Batas Militar noong Hulyo 22, 2017. Inaprubahan naman noong Disyembre 13, 2017 ng kontroladong Kongreso ang pagpapalawig nito nang isa pang taon.

Ginagamit ni Duterte ang Batas Militar sa Mindanao upang patindihin ang kanyang kontra-rebolusyonaryong gera at maging tuntungan ng mga mapanupil na batas laban sa mamamayan tulad ng Philippine Identification System Act at mga amyenda sa Human Security Act na tinatawag nang Prevention of Terrorism Act of 2018.


Kinasangkapan din niya ang Batas Militar upang lumpuhin ang pakikibakang Moro at unti-unting tanggalin ang kapasidad nilang ipagtanggol ang kanilang sarili sa pamamagitan ng armadong paglaban. Isinabatas ang Bangsamoro Organic Law (BOL) sa kasagsagan ng Batas Militar. Layunin ng BOL na amyendahan ang RA 6734 na nagsabatas sa pagbubuo ng Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM). Sa bisa nito, itatayo ang Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM).

Subalit ang BOL ay pinalabnaw na bersyon lamang ng Comprehensive Agreement on the Bangsamoro (CAB). Tinatanggal sa BOL ang nauna nang napagkasunduang exclusive control ng Bangsamoro sa ilang mga estratehikong larangan tulad ng enerhiya, kuryente, pampublikong yutilidad at likas na yaman. Wala ring probisyon hinggil sa repormang agraryo na isa sa mga pinakamatitingkad na kahingian ng mga Moro. Dagdag pa, ang dalawang kasunduang ito ay kapwa nakaayon sa pangkabuuhang balangkas ng reaksyunaryong gubyerno sa pakikipagharap sa usapang pangkapayapaan – disarmament, demobilization and reintegration/ rehabilitation (DDRR).

Sa kabila ng mariing pagtutol ng mamamayan, ipapatupad ang Batas Militar hanggang sa katapusan ng taon upang tuluyan nang buksan ang Mindanao sa dayuhang pamumuhunan at negosyo at maging tuntungan ng permanenteng panghihimasok-militar ng imperyalistang US. Garapalang pinaaalis ni Duterte ang mga Lumad sa kanilang lupang ninuno upang bigyang-daan ang malalawak na mga plantasyon at minahan.

Nag-uunahan ang US Agency for International Development (USAID), mga multilateral na bangko at mga dayuhang korporasyong Tsino na makapwesto sa 'rehabilitasyon' ng Marawi. Nauna nang magbigay ang Asian Development Bank, kung saan hawak ng US at Japan ang pinakamalaking sapi, ng $5 milyon upang tumulong umano sa pagpanatili ng kaayusan sa bansa at itulak ang paborableng kundisyon para sa pagbuhos ng dayuhang pamumuhunan. Samantala, nagbigay din ang USAID ng $31.9 milyon para tiyakin ang pagpulbos sa mga 'rebelde' at 'terorista' sa Marawi. Nakuha naman ng mga korporasyong Tsino ang tinatayang aabot sa P17 bilyon kontrata para sa rehabilitasyon ng Marawi.

Hindi kataka-taka ang pagdumog ng pasistang makinarya at neoliberal na interes sa Mindanao: konsentrado rito ang kalakhan ng mga likas na yaman at produktibong lupa ng bansa. Sa rehiyon ng Caraga, nagpapatuloy ang operasyon ng 23 sa 48 pinakamalalaking minahan sa bansa kabilang ang mga dambuhalang multinasyunal sa pagmimina. Kalahating milyong ektarya naman, na sumasaklaw sa limang rehiyon ng Mindanao, ang tinayuan ng mga dambuhalang plantasyong agribusiness at tinatarget pa ang isang milyong ektarya para sa pagpapalawak ng plantasyon sa oil palm pagdating ng taong 2022.



# 4. PAIGTINGIN ANG REBOLUSYONARYONG ARMADONG PAKIKIBAKA AT LIKHAIN ANG DALUYONG NG KILUSANG MASANG MAGPAPABAGSAK SA PASISTANG REHIMENG US-DUTERTE

Ang lantarang pagkilos ng rehimeng US-Duterte bilang pangunahing pwersang kontra-rebolusyonaryo at kontra-mamamayan ay sintomas ng paglala ng pamalagiang krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino at ng desperasyon ng imperyalistang US na lubusang manghimasok sa bansa upang maisalba ang sarili mula sa krisis ng monopolyo kapitalismo. Hindi na makapaghari sa mga dating paraan ang naghaharing-uri kung kaya kinakailangan nitong itakwil ang lahat ng burges-demokratikong palamuti nito.



Ang krisis sa pulitika at ekonomya na pinapasan ng mamamayang Pilipino ang apoy na nagbibigay init sa digmang bayan at paglaban ng masang anakpawis. Lalo lamang pinag-aalab ng pasismo at terorismo ng estado at tiranong pamumuno ni Duterte ang pagnanais ng mamamayang ipagtanggol ang kanilang sarili mula sa labis na pang-aapi at pagsasamantala. Dapat isulong ng rebolusyonaryong kilusan ang anti-pasistang paglaban na nakatuon sa pinakamakitid at pinakamahinang target – ang rehimeng US-Duterte.

Dapat mahigpit na maikawing sa anti-pasistang pakikibaka ang anti-pyudal at anti-imperyalistang paglaban. Dapat isulong ang anti-pyudal na paglaban ng uring magsasaka na siyang pinakamalaking pwersang magpapagulong at magpapatatag sa anti-pasistang paglaban. Ang magsasaka sa kanayunan ang matinding dumaranas ng karahasan at panunupil ng militarisayon at abusong militar habang patuloy na pinagkakaitan ng lupang sakahan at kinakamkam ang mga lupang ninuno. Ang mababang halaga ng kanilang produkto at mababang kita ay napakalaki ng agwat sa presyo ng mga bilihing kailangan sa araw-araw at nagsasadlak sa kanila sa malalang kahirapan.

Ang mga anti-pyudal na pakikibaka ay magbibigay lalim sa kilusang anti-pasista. Dagdag pa, sa paglaban ng uring magsasaka laban sa pyudal na pagsasamantala napagkakaitan ang imperyalistang US ng batayang panlipunan para sa patuloy nitong pangungubabaw sa lipunang Pilipino.

Bagamat ang rehimeng US-Duterte ang dapat na tutukan ng pinakamalawak at pinakamaigting na pagdaluyong ng kilusang masa, hindi dapat paligtasin ang imperyalistang US. Ang US ang nasa likod at siyang lubusang nakikinabang sa pagtataguyod ni Duterte ng sukdulang pasismo at terorismo. Dapat isulong ang anti-imperyalistang paglaban na nakatutok sa pagtatakwil ng mga neoliberal na patakaran, panghihimasok-militar at mga pampulitikang

maniobra upang tuluyang buksan ang ekonomya ng bansa sa dayuhang panghihimasok.


Tuluy-tuloy na labanan ang mga mapanupil na batas at atas tulad ng EO 70, MO 32, Proclamation No. 55, BOL, Philippine ID System at Prevention of Terrorism Act of 2018. Ilantad ang mapanlinlang na karakter ng whole-of-the-nation-approach ng NISP 2017-2022 at ipalaganap sa publiko ang epekto ng mapanalasang militarisasyon sa buhay at kabuhayan ng masa. Ilantad ang pagkubabaw ng militar sa lahat ng aspeto ng sibilyang burukrasya. Ilantad at labanan ang armadong karahasan ng Batas Militar sa Mindanao, Oplan Kapayapaan at Oplan Tokhang bilang mga hakbangin ng rehimeng US-Duterte upang supilin ang paglaban ng mamamayan sa lahat ng antas at sa gayon ay maitindig ang kanyang tiraniya at tuluy-tuloy na maipatupad ang tulak-neoliberal ng kanyang imperyalistang amo.

Kasabay ng paglaban sa pasismo ng estado, dapat ding ilantad ang mga neoliberal na pang-aatake nito. Kundenahin ang tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng langis at ng mga bilihin habang nagpapatuloy ang pribatisasyon ng mga serbisyong panlipunan, deregulasyon at liberalisasyon ng mga saligang larangan sa ekonomya tulad ng agrikultura. Itaas sa antas ng pampulitikang laban ang mga pang-ekonomyang kampanyang ito at labanan ang mga batas na lalong nagpapahirap sa masa tulad ng Rice Tariffication Law at Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law at pigilan ang pagpasa ng kasunod nitong pakete sa Comprehensive Tax Reform Package (CTRP - ang Tax Reform for Acquiring Better and High-Quality Opportunities (TRABAHO). Ubos-kayang pigilan ang pagpasa ng Charter Change na higit pang magbubukas ng bansa sa dayuhang panghihimasok at ilantad ang mga pampulitika at militaristang maniobra ni Duterte upang mailusot ito.

Ang hangarin ni Duterte na makapanatili sa kapangyarihan sa pamamagitan ng isang pasistang diktadura ang nagtutulak sa iba pang bahagi ng oposisyon na kamuhian siya at ang kanyang mga pinakamasusugid na alipures. Ang mga pabor na ibinibigay ni Duterte sa iilang upisyal ng AFP kasabay ng kanyang pagtarget sa iba pa ay nagbubunga ng lumalaking bitak maging sa hanay ng mersenaryong hukbo. Ang mga pampulitikang hidwaang ito sa pagitan ng mga reaksyunaryo at naghaharing-uri ang higit na nagpapainam sa mga kundisyon upang makabig ang lalo pang malawak at malapad na pwersang magpapabagsak kay Duterte.

Dapat tuluyang ihiwalay ang rehimeng US-Duterte at sikapin na maabot ang isang kilusang pagpapatalsik na parang kilusang EDSA na nakapagpabagsak sa diktadurang Marcos at sa inutil na rehimeng US-Estrada. Pangunahin itong itataguyod ng sektor ng mga magsasaka, manggagawa at petiburgesya.

Dapat maglunsad ang Pulang Hukbo ng paparami at koordinadong batayang taktikal na opensiba bilang ambag sa pangkabuuhang anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalistang laban upang maibagsak ang rehimeng US-Duterte. Higit sa lahat, dapat magsilbi ang kilusang pagpapatalsik sa pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan.



# 12 PILLARS/OPERATIONAL CLUSTERS NG NTFELCI

### 1. LOCAL GOVERNMENT EMPOWERMENT CLUSTER

Sa pamumuno ni dating AFP Chief Eduardo Ano sa Department of Interior and Local Government (DILG), itatransporma ang mga lokal na yunit ng gubyerno upang magsilbi sa kampanyang kontra-insurhensya. Pangunahin dito ang gawaing paniktik at pagmamanipula ng Halalang 2019 upang maipwesto ang mga tao ng militar at mga kontra-rebolusyonaryo sa burukrasya. Itatago rin sa tabing ng serbisyong panlipunan at pang-ekonomiko ang panghihimasok ng militar sa mga komunidad.

### 2. INTERNATIONAL ENGAGEMENTS CLUSTER

Nais nitong maputol ang ugnayan ng rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas sa mga tagasuporta nito sa ibayong dagat at iba pang internasyunal na ugnay. Gagamitin nito ang Department of Foreign Affairs (DFA) upang mangampanya sa mga internasyunal porum, kaugnayang gubyerno at mga non-government organizations na isantabi ang belligerency status ng CPP-NPA-NDF at sa halip ideklara itong isang teroristang organisasyon. Kaalinsabay nito, maglilikom rin ng pondong gagamitin sa paniniktik sa mga pinaghihinalaang kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyon. Kasama na rito ang pagmamanman kay Jose Ma. Sison, Tagapangulong Tagapagtatag ng PKP at punong pampulitikang tagapayo ng NDFP sa usapang pangkapayapaan, mga organisasyon ng NDFP at iba pang institusyon at organisasyong nagsusulong ng tunay na interes at pakikibaka ng Pilipino sa ibang bansa.

### 3. LEGAL COOPERATION CLUSTER

Ang operasyon ng kulumpon na ito ay nakasentro sa pagbibigay-ligalidad sa mga mapanupil na pakana ng pasistang rehimen, pagpaparatang sa mga rebolusyonaryo bilang mga terorista at pagpapawalang-sala sa mga lumalabag sa karapatang tao. Pinapaigting din nito ang operasyon ng Inter-Agency Legal Action Group (IALAG), na walang ibang tungkulin kung hindi sampahan ng gawa-gawang kaso ang mga rebolusyonaryo at mga progresibong lider at aktibista.

### 4. STRATEGIC COMMUNICATION CLUSTER

Nakatutok ang kulumpon na ito sa pagpapaigting ng saywar at pagpapakalat ng mga pekeng impormasyon sa mamamayan upang bigyang-katwiran ang pasismo at terorismo ng rehimen. Layunin nitong pigilan ang pagpapalaganap ng matalas at syentipikong pagsusuri, laluna sa hanay ng kabataan. Bibigyang-katwiran nito ang pagkakaroon ng trolls sa social media at pagpapakalat ng fake news upang gapiin ang lumalakas na pwersa ng mamamayan.

### 5. BASIC SERVICES CLUSTER

Binuo ang naturang kulumpon upang pagtakpan ng mga pantapal na lunas ang kawalan ng batayang serbisyong panlipunan at kabulukan ng gubyerno. Gagamitin ng pasistang rehimen ang kulumpon na ito upang pumasok sa mga komunidad sa tabing ng pagbibigay ng batayang serbisyong panlipunan habang pinagbabawalan ang pagpasok ng ibang non-government organization (NGO) at progresibong organisasyong nagnanais na maghatid ng tulong sa kanayunan at mga komunidad sa kalunsuran. Sa katotohanan, gagamitin lamang ito upang paigtingin ang kampanyang gradual constriction, paniniktik at iba pang operasyon laban sa BHB.

### 6. LIVELIHOOD AND POVERTY ALLEVIATION CLUSTER

Nakatutok ang kulumpon na ito sa pagpapaigting ng saywar at pagpapakalat ng mga pekeng impormasyon sa mamamayan upang bigyang-katwiran ang pasismo at terorismo ng rehimen. Layunin nitong pigilan ang pagpapalaganap ng matalas at syentipikong pagsusuri, laluna sa hanay ng kabataan. Bibigyang-katwiran nito ang pagkakaroon ng trolls sa social media at pagpapakalat ng fake news upang gapiin ang lumalakas na pwersa ng mamamayan.

### 7. AFP/PNP PEACE AND DEVELOPMENT CLUSTER

Ito ang namumunong kulumpon na nagpapatupad sa kampanyang gradual constriction ng kaaway. Nakapailalim at naglilingkod ang iba pang mga kulumpon para sa layuning ito. Layunin nitong wasakin ang base at suportang masa ng BHB, pakitirin ang linalanguyan ng Pulang hukbo, pigilan ang koordinasyon, tulungan at suportahan ng bawat yunit ng BHB at sa pinakahuli ay durugin ang BHB. Isa-isa nitong wawasakin ang bawat larangang gerilya sa pamamagitan ng pagkakait ng mga susing tereyn na paborable sa pagmamaniobra at epektibong pagkilos ng BHB. Pinipigilan nito ang pagpapalakas ng BHB sa mga eryang nasa panabihang haywey at malapit sa mga sentrong bayan at syudad.

### 8. INFRASTRUCTURE AND RESOURCE MANAGEMENT CLUSTER

Higit nitong pinalalawak ang saklaw ng kapangyarihan ng militar sa pagkontrol at pangangasiwa sa mga diumano ay kritikal na imprastruktura at serbisyong publiko o pribado. Tinitiyak nito ang walang sagkang pagpasok at operasyon ng malalaking negosyo katulad ng mga dambuhalang mina at ecozone, at pagpapatupad ng mga proyektong imprastruktura pangunahin sa ilalim ng Build, Build, Build (BBB). Bibigyang-daan nito ang matinding militarisasyon at pagkonsentra ng mga PDT sa mga lugar na masasaklaw o apektado ng mga dambuhalang proyekto at negosyo. Magdudulot ito ng walang habas na pangangamkam at kumbersyon ng lupa, demolisyon at sapilitang pagpalayas ng komunidad, at matinding pandarahas laban sa sinumang tumutol sa mga anti-mamamayang proyekto ng rehimen.

### 9. SITUATIONAL AWARENESS AND KNOWLEDGE MANAGEMENT CLUSTER

Ito ang namumunong kulumpon na nagpapatupad sa kampanyang gradual constriction ng kaaway. Nakapailalim at naglilingkod ang iba pang mga kulumpon para sa layuning ito. Layunin nitong wasakin ang base at suportang

masa ng BHB, pakitirin ang linalanguyan ng Pulang hukbo, pigilan ang koordinasyon, tulungan at suportahan ng bawat yunit ng BHB at sa pinakahuli ay durugin ang BHB. Isa-isa nitong wawasakin ang bawat larangang gerilya sa pamamagitan ng pagkakait ng mga susing tereyn na paborable sa pagmamaniobra at epektibong pagkilos ng BHB. Pinipigilan nito ang pagpapalakas ng BHB sa mga eryang nasa panabihang haywey at malapit sa mga sentrong bayan at syudad.

### 10. LOCALIZED PEACE ENGAGEMENT CLUSTER

Ang kulumpon na siyang pangunahing mangangasiwa sa kampanyang lokalisadong usapang pangkapayapaan at kampanyang pagpapasurender. Layunin ng rehimen na pahinain ang impluwensya at maputol ang pamumuno ng PKP at pagkatawan ng NDFP sa buong rebolusyonaryong kilusan sa usapang pangkapayapaan sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga lokalisadong usapan sa bawat unit ng BHB. Sa ganitong balangkas, epektibo nang mapapasakamay ng militar ang kontrol at adyenda ng usapang pangkapayapaan. Pinupwersa nito ang mga lokal na yunit ng gubyerno, mga ahensyang sibil, mga organisasyon at ang komunidad na pumaloob at lumahok sa pakanang ito. Layunin din ng kulumpon na ito na isara ang mga daluyan ng pagmonitor at pag-ulat ng mga paglabag ng militar sa karapatang-tao.

### 11. E-CLIP AND AMNESTY PROGRAM CLUSTER

Layunin nitong pigilan ang rekrutment ng BHB, partikular mula sa hanay ng masang magsasaka at pambansang minorya sa pamamagitan ng pagbuhos sa mga pinaghihinalaang rebolusyunaryong base ng mga programa at serbisyong nakatuon para sa pagpapasurender sa tangkang mahamig ang suporta ng buong komunidad sa matitinding operasyong militar na ilulunsad ng AFP at PNP laban sa BHB.

### 12. SECTORAL UNIFICATION, CAPACITY BUILDING AND EMPOWERMENT CLUSTER

Ang kulumpon na siyang pangunahing mangangasiwa sa kampanyang lokalisadong usapang pangkapayapaan at kampanyang pagpapasurender. Layunin ng rehimen na pahinain ang impluwensya at maputol ang pamumuno ng PKP at pagkatawan ng NDFP sa buong rebolusyonaryong kilusan sa usapang pangkapayapaan sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga lokalisadong usapan sa bawat unit ng BHB. Sa ganitong balangkas, epektibo nang mapapasakamay ng militar ang kontrol at adyenda ng usapang pangkapayapaan. Pinupwersa nito ang mga lokal na yunit ng gubyerno, mga ahensyang sibil, mga organisasyon at ang komunidad na pumaloob at lumahok sa pakanang ito. Layunin din ng kulumpon na ito na isara ang mga daluyan ng pagmonitor at pag-ulat ng mga paglabag ng militar sa karapatang-tao.

# OPLAN SEMPO

## (Syncronized Enhanced Managing Police Operations) aka Oplan Sauron

Pokusadong atake ng pasista at tiranikong rehimeng US-Duterte laban sa mamamayan ng Negros Oriental mula Disyembre 27, 2018 hanggang Enero 15. Sa balangkas ng estratehiyang militar na 'Whole of Nation Approach' at bilang bahagi ng pagpapatupad ng MO 32 at EO 70, pinamunuan ng CENTCOM ng AFP ang kontra-mamamayang operasyon katuwang ang PRO 7, ang reaksyunaryong hukuman at ang mga lokal na yunit ng gubyerno.

**LUMUSOB NA MGA PWERSA: 3,000**
**ELEMENTO NG AFP-PNP-CAFGU**

- **94th, 79th at 62nd IBPA**
- **Tauhan ng lokal na pulisya, RSOG, SAF, SWAT at RMFB ng PRO 7**
- **2nd Geographical Battalion (CAFGU)**
- **2 barko ng Navy**
- **2 helicopter ng Airforce bilang reserba**

## KATANGIAN:

- Paglusob at 'crackdown' sa bawat distrito ng Negros Oriental ngunit pokusado ang pag-atakeng ito sa Guihulngan City kung saan puno ng militar at pulis ang kanilang munisipyo at maging ang poblacion ng lunsod

- Inilihim ang operasyon maging sa upisyal ng mga munisipyo ngunit ginamit ang kanilang mga upisina para sa pagtatayo ng mga tsekpoynt at para sa mga iligal na pangaaresto at detensyon

- Sabayang pag-atake ng 4:00 ng umaga

- Paghahalughog sa mga bahay-bahay ng laking platun hanggang kumpanyang pwersa ng kaaway kada baryo

- Nakatarget na kung sino ang papaslangin at iligal na aarestuhin bago pa isagawa ang mga operasyon sa antas-baryo

- May mga blangko ngunit pirmadong 'warrant of arrest' para sa iba pang sibilyan

- Itinatabing ang operasyon bilang operasyong kontra-droga at kontra-kriminalidad kung saan ipinapakalat ang kasinungalingan na nanlaban ang mga biktima. Dagdag pa ito sa pagpaparatang na bahagi o sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan ang mga biktima.

- Pagbubuo ng mga Death Squad laban sa mga lider-masa at iba pang progresibo at positibong indibidwal

- Pagpaparatang sa mga bahagi ng ligal at demokratikong kilusang masa bilang mga prente lamang ng rebolusyonaryong kilusan

# Gabay sa Pag-uulat ng HRVs
**(Paglabag sa Karapatang-Tao)**

Ang karapatang-tao ay ang kalipunan ng mga batayang karapatan na likas sa atin sapul nang tayo ay isilang sapagkat ito ang nagbibigay ng dignidad sa ating pagkatao. Tayo bilang tao ay may nararapat na kalayaan at karapatang makamit sa buhay. Ang sumusunod ang gabay para sa lalamnin ng ulat:

1. **ANO?** – ilahad ang tipo o klase ng paglabag ng mga pwersang militar.
2. **SAAN?** – ilahad ang eksaktong lugar na pinangyarihan ng paglabag o insidente. Dapat ilagay ang sityo o purok, barangay, bayan o syudad at probinsya.
3. **KAILAN?** – ilahad ang eksaktong oras o panahon ng paglabag o insidente. Dapat ilagay ang oras, petsa at taon.
4. **SINO?** - ilahad ang pagkakakilanlan ng biktima at nambiktima. Sa biktima, ilahad ang buong pangalan, kasarian, edad, trabaho at iba pa. Sa militar, ilahad ang yunit, pangalan at rango. Ilahad din ang bilang ng biktima at nambiktima.
5. **PAANO?** – ilahad kung paano naganap ang paglabag sa karapatang-tao.
6. **BAKIT?** – ilahad ang naging dahilan ng paglabag sa karapatang-tao

**Halimbawang Ulat**

Maray na hapon tabi. Digdi tabi samo sa Purok 1, Cabraran, Jovellar, Albay may mga militar na sige an pang-arabuso. Kasubagong alas 2 kan hapon, March 22, 2019, sapiritan linaog kan 6 na militar so balay ni Juan Dela Cruz, 36 anyos, paraguti ki nyog. Si Sgt. Luna kan 96th IB an nag CO sa mga militar. Sinipa si Juan Dela Cruz ni Sgt. Luna kan di sinda pipalaog. Pigsasabi kan militar na may pigtatago daang badil si Juan. Di mo na tabi pagbangiton sa ire an ngaran buda number ko. Salamat tabi – Jose Rizal, kapitbahay ni Juan dela Cruz.

Tala: Sa pagpapadala ng reklamo o ulat, sikaping mailahad ang mga kinakailangang detalye, maging ang mga pinakamaliit na punto o kwento kaya nangyari ang paglabag.

Ipadala ang ulat sa pamamagitan ng text at/o sulat sa mga sumusunod:

- Organisasyong nagtataguyod ng karapatang-tao
- Organisasyong masa sa probinsya at sa rehiyon
- Himpilan ng midya (radyo, tv, dyaryo at internet)
- Lokal na yunit ng gobyerno
- Progresibong simbahan (Katoliko, Kristyano at iba pa)

## Mga Tipo ng Paglabag sa Karapatang-Tao

- Pamamaslang, pagdukot, masaker at walang-pakundangang pamamaril
- Walang-batayan at walang-katwirang pag-aresto, iligal na pagkakakulong
- Hindi-makatwiran at pwersahang paghahalughog at kumpiskasyon ng mga ari-arian.
- Pisikal at mental na tortyur, pananakot at pagbabanta, panggagahasa at abusong sekswal at iba pang hindi makatao, malupit at naka-aabang pagtrato at pamamarusa.
- Imboluntaryong paninilbihan o pwersahang pagpapatrabaho
- Paglabag sa karapatan sa malayang pamamahayag, pagbubuo ng samahan at pagtitipon at paghahabol ng katarungan sa mga karaingan
- Pagkakampo o paghimpil ng mga pwersang militar sa gitna ng komunidad at paghimpil sa mga pampublikong pasilidad tulad ng paaralan, palaruan, barangay hall at simbahan
- Pagpagiya sa mga operasyong militar at paggamit sa mga sibilyan bilang kalasag